# PAGBABALIK PAARALAN SA PANAHON NG PANDEMYA

*by:*
**Erwin T. Terrible**
*Head Teacher II, Bangkal Elementary School*

Sa loob ng halos dalawang taon na pagkakakulong ng mga mag-aaral sa kanilang mga tahanan, hindi alintana ang sobrang galak ng mga ito nang magsimula ang limitadong pagpasok sa paaralan. Naibsan ang mga suliranin ng lahat lalo't higit sa pagbabasa ng mga bata.

Ayon nga sa isang artikulo, sa isang pag-aaral, mas marami ang mga mag-aaral na edad 8 ang hindi makabasa mula nang maisalin sa distance learning. Hindi umano natututo ang mga bata. Kulang din umano sa pag gabay ng magulang. Marami sa mga magulang ang nagtatrabaho. Napag-alaman din na maraming mag-aaral ang nagkokopyahan ng sagot online.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa mga suliraning ito, masasabing mas umigting ang pagnanais ng Departamento ng Edukasyon na maigpatuloy ang pagpasok ng harapan sa mga paaralan. Mas higit na makatutulong sa mga mag-aaral at mga guro kung ang pag-aaral ay maisasagawa sa paaralan. Maraming bagay at paraan ang maisasagawa kung ang lahat ay sama-sama sa silid- aralan upang isagawa ang pag-aaral.

Ayon nga kay dating Secretary Leonor Briones, hindi mapipigilan ang Departamento ng Edukasyon sa pahahanap ng mga paraan upang makapagbigay ng magandang edukasyon para sa mga mag-aaral. Isa na nga rito ang programang Limited Face to Face Classes na sinimulan at isinagawa noong nakaraang taon ng maraming paaralan sa buong Pilipinas.

Ayon din sa mensahe sa isang lathalain, itinuturing na tagumpay ni Vice President and Education Secretary Sara Duterte ang pag-uumpisa ng School Year 2022-2023. Inilahad niya ito noong siya ay dumalo sa National School Opening Day Program na idinaos sa Dinalupihan Elementary School, Bataan at sinabi nitong kinikilala nila ang victory na ito para sa basic education. Malaking tagumpay daw ito laban sa pandemya ng COVID-19 para sa mga guro, magulang, mga LGUs at iba pang stakeholders.

Sa ngayon, hindi na maktuwiran para hindi matuto ang mga mag-aaral sa kadahilanang tuloy-tuloy na ang pagpasok ng mga ito sa ating mga paaralan. Marami man ang nawala sa mga kabataan sa larangan ng edukasyon, patuloy naman itong makukuha at mapagtatagumpayan kung ang lahat ay sama-sama at tulong-tulong sa pag-abot nito. Walang imposible sa mga taong nagkakaisa tungo sa hangaring mapatuto at maibalik ang mga nawala sa ating mga mga mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2022/02/15/2160914/editoryal-handa-na-ba-talaga-sa-face-face-classes

https://brigadanews.ph/panunumbalik-ng-face-to-face-classes-itinuturing-umanong-tagumpay-laban-sa-pandemya/